



WEEKLY HOME LEARNING PLAN	Paaralan:		Quarter:	**Quarter 1**
	Guro:		Week:	**Week 1**
	Subject:	**Mathematics - 3**	Date:	

Day and Time	Learning Area	Learning Competency	Learning Tasks	Mode of Delivery
7:00–8:00	Paggising, pagtulong sa pag-aayos ng higaan, pag-aalmusal, paglilinis ng sarili			
8:00-9:00	Pagsasagawa ng mga karagdagang gawain bago simulan ang pag-aaral.			
Lunes 9:00-11:00	Mathematics	**MELC 1** Pagpapakita (Visualizing) ng mga bilang isa hanggang 1 000	**I** ***Pagbasa ng panimula ng Aralin.** ***Pagpapaintindi sa mag-aaral ng mga kasanayang kailangan niyang matuutunan** Panuto: Pag-aralan ng talahanayan kung paano ipinakita sa larawang modelo (pictorial mode) ang bilang na 12 349  **D** Panuto: Ibigay ang sagot sa bawat bilang. 1. Ang bilang na **23,457** ay mayroong ilang; A) 100 _____ B) 1000 _____ C) 1 _____ D) 10000 _____ 2. Ang bilang na **45,603** ay mayroong ilang; A) 10 _____ B) 1000 _____ C) 10,000 _____ ***Pagsasagot ng mga karagdagang gawaing ibinigay ng guro. (***kung mayroong activity sheets o worksheets***)** ***Panonood ng mga programang may kaugnayan sa aralin (***kung mayroon maaaring online o sa telebisyon***)** https://youtu.be/8UUnh3c3AiY	Ipapasa ang output o sagot ng mga mag-aaral ng kanilang magulang sa paaralan ayon sa itinakdang araw at oras ng guro. **Sa pagpunta ng mga magulang o guradian sa paaralan ay mahigpit na ipatutupad ang minimum health protocols ng DOH at IATF.* Sa panahon ng pag-aaral ng bata ay maaaring makipag-ugnayan ang guro upang maisagawa ang pasalitang pagtatanong sa mag-aaral at malaman kung


			E Panuto: Gamit ang mga discs, alamin ang katumbas na bilang ng mga sumusunod. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.  2. Ano ang kabuuang bilang na siyam na 1000, walong 100, apat na 10, at tatlong 1? _____ 3. Ano ang kabuuang bilang ng mga cubes? _____  ***Pagsasagot ng mga karagdagang gawain na nasa sa aklat upang higit na malinang ang kasanayan.** ***Pagbibigay diin sa konseptong dapat tandaan.** *Ang tiles, blocks, cubes at disc ay ilan sa mga makabagong pamamaraan ng pagpapakita ng mga bilang. Ito ay nakatutulong upang mabilang mo ng mabilis ang isang bilang.* **A** Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno. 1. Ilang **number discs** na 1 000 ang 4 679? a. 4 b. 6 c. 7 d. 9 2. Ano ang kabuuang bilang ng tatlong 1000, dalawang 100, at anim na 1? a. 1 110 b. 2 206 c. 3 206 d. 6 330 3. Ilang *hundreds* ang mayroon sa labindalawang 10? a. 0 b. 1 c. 2 d. 12 4. Sa mga larawan sa ibaba, alin ang 100 bilang? a.  b.  c. d.  5. Ano ang katumbas na bilang ng **number discs**?  a. 1320 b. 1270 c. 1115 d. 1090	ang mga aralin ay nasusundan at naiintindihan.
		MELC 2 Naibibigay ang Place Value at Value ng digit sa bilang na may 4 hanggang 5 digit.	**I** ***Pagbasa ng panimula ng aralin.** ***Pagpapaintindi sa mag-aaral ng mga kasanayang kailangan niyang matuutunan**	Ipapasa ang output o sagot ng mga mag-aaral ng kanilang magulang sa paaralan ayon sa

			Panuto: Pag-aralan ang place value tsart sa ibaba at pag-aralan kung paano ipinakita ang bilang na 12 549.  **D** Panuto: Ibigay ang place value at value ng mga digits na nasa unahan. Isulat ang nawawalang bilang sa iyong kuwaderno. **E** Panuto: Ibigay ang expanded form ng bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno. *__Pagsasagot ng mga karagdagang gawaing ibinigay ng guro.__ (*kung mayroong activity sheets o worksheets*) *__Panonood ng mga programang may kaugnayan sa aralin (maaaring online o sa telebisyon)__ https://youtu.be/iC0qxPN7ES4 *__Pagsasagot sa Gawain sa pagkatuto bilang 3__ *__Pagsasagot ng mga karagdagang gawain na nasa aklat upang higit na malinang ang kasanayan.__ *__Pagbibigay diin sa konseptong dapat tandaan.__ *Ang numero ay isang ideya o konsepto na kinakatawan ng mga 0, 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9 digits. Maaaring ipakita ang*	itinakdang araw at oras ng guro. **Sa pagpunta ng mga magulang o guradian sa paaralan ay mahigpit na ipatutupad ang minimum health protocols ng DOH at IATF.* Sa panahon ng pag-aaral ng bata ay maaaring makipag-ugnayan ang guro upang maisagawa ang pasalitang pagtatanong sa mag-aaral at malaman kung ang mga aralin ay nasusundan at naiintindihan.

TEN THOUSANDS	THOUSANDS	HUNDREDS	TENS	ONES
1	2	5	4	9
10,000	2,000	500	40	9

Number	Place Value	Value
1. **4** sa 341 602		
2. **8** sa 59 835		
3. **0** sa 40 912		
4. **6** sa 54 672		
5. **5** sa 87 452		

1) 56,321 = _____ + _____ + _____ + _____ + _____
2) 26,523 = _____ + _____ + _____ + _____ + _____
3) 31,217 = _____ + _____ + _____ + _____ + _____
4) 89,038 = _____ + _____ + _____ + _____ + _____
5) 60,923 = _____ + _____ + _____ + _____ + _____

			A Panuto: Basahin ang sumusunod na katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat sa inyong kwaderno. 1. Ano ang **place value** ng 6 sa 76 529? a. isahan b. sampuan c. sandaanan d. libuhan 2. Ano ang **value** ng 9 sa bilang na 92 634? a. 90 b. 900 c. 9 000 d. 90 000 3. Isulat ng tama ang apatnapu't dalawang libo, pitong daan, dalawampu't walo sa numero. a. 44 272 b. 40 427 c. 42 728 d. 42 708 4. Ibigay ang tamang **place value** ng 7 sa bilang na 27, 342. a. 7 libuhan b. 7 sampung libuhan c. 7 sandaanan d. 7 sampuan 5. Bumuo ng pinakamaliit na numero gamit ang lahat ng numero sa-kahon. 5 3 9 0 2 a. 23 059 c. 20 395 b. 23 509 d. 20 359	
		MELC 3 Nababasa at naisusulat ang mga bilang hanggang 10 000 sa simbolo at sa salita.	**I** ***Pagbasa ng panimula ng aralin.** ***Pagpapaintindi sa mag-aaral ng mga kasanayang kailangan niyang matuutunan** Panuto: Basahin at pag-aralan ang halimbawang bilang sa ibaba. Pansinin kung paano isinulat sa salitang bilang at simbolo.  Libuhan (thousands) | Sandaanan (hundreds) | Sampuan (tens) | Isahan (ones) 8 | 6 | 4 | 2 Walong libo, anim na raan, apatnapu't dalawa (Eight thousand, six hundred forty-two) ***Paglinang/pagpapaliwanag sa halimbawang ibinigay sa talahanayan.** **D** Panuto: Pagtambalin ang mga salitang bilang sa katumbas na simbolo o figure. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.  Larawan ng Bilang | Salitang Bilang | Simbolo o Figure 1. **Tatlong libo, limang daan, apatnapu't dalawa** (three thousand five hundred forty-two) | A. 8 454	Ipapasa ang output o sagot ng mga mag-aaral ng kanilang magulang sa paaralan ayon sa itinakdang araw at oras ng guro. **Sa pagpunta ng mga magulang o guradian sa paaralan ay mahigpit na ipatutupad ang minimum health protocols ng DOH at IATF.* Sa panahon ng pag-aaral ng bata ay maaaring makipag-ugnaya

			*__Pagsasagot ng mga karagdagang gawaing ibinigay ng guro. (__*kung mayroong activity sheets o worksheets*__)__ **E** Panuto: Isulat ang salitang bilang ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno. 1. 5 008 _____ 2. 6 702 _____ 3. 2 003 _____ 4. 9 012 _____ 5. 9 999 _____ ***Pagsasagot ng mga karagdagang gawain na nasa aklat upang higit na malinang ang kasanayan.** ***Pagbibigay diin sa konseptong dapat tandaan.** *Sa pagsusulat ng salitang bilang at simbolo. Magsimula sa digit/s na nasa pangkat o period ng libuhan o thousands kasunod ang pangkat ng sandaanan o hundreds hanggang sa pangkat ng sampuan at isahan. Lagyan ng kuwit upang ihiwalay ang libuhan sa kasunod na place value o units period. Lagyan ng zero sa lugar ng place value na nawawala.* **A** Panuto: Isulat ang hinihingi sa bawat bilang sa iyong kuwaderno. A. Isulat ang sumusunod na simbolo sa salitang bilang. 1) 20,045 _____ 4) 31,091 _____ 2) 8,045 _____ 5) 98,356 _____ 3) 57,051_____ B. Isulat ang simbolong bilang ng mga sumusunod; 1) Apat na libo, anim na daan, apatnapu't pito. 2) Tatlumpu't pitong libo, limang daan walumpu't dalawa. 3) Walumpu't apat na libo, anim na daan dalawampu't siyam. 4) Nagbayad si Rina ng tatlong libo, apat na raan, at limang piso. isulat mo sa simbolo ang halaga ng ibinayad ni Rina._____. 5. Itinatabi ni Mario ang ilang bahagi mula sa kaniyang buwanang baon. Sa loob ng isang taon nakaipon siya ng anim na libo, limang daan at dalampu. Isulat mo nang simbolo ng kabuuang ipon niya.	n ang guro upang maisagawa ang pasalitang pagtatanong sa mag-aaral at malaman kung ang mga aralin ay nasusundan at naiintindihan.